NEW MUSLIM
ACADEMY



# Isang Pagpapakilala sa Qur'an

Ang Qur'an ay ang banal na kasulatan na ipinahayag ng Allah sa Kanyang Huling Sugo na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Nakapaloob dito ang mga bawat mga salita ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad (SAWS) sa pamamagitan ng Anghel na si Gabriel. Ang Qur'an ay gabay mula sa Allah at mga katuruan na magbibigay ng kaligayahan at tagumpay, kung pinatupad ito ng tama sa sangkatauhan sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay. Dahil dito, ang mga Muslim ay hinihikayat na basahin ito, kabisaduhin ito, pag-aralan at unawain ito, ipatupad ito sa kanilang mga buhay at ipalaganap ang mga katuruan nito sa iba.



# Ang Mga

Ang Qur'an ay nasa wikang Arabe. Ito ay ipinahayag sa pasalitang anyo kay Propeta Muhammad (SAWS), na siya ring pasalitang inihatid sa kanyang mga disipulo. Ang ilan sa mga disipulo o tagasunod na ito ay itinala ang rebelasyon ng Qur'an gaya ng inihayag. Sa paglipas ng panahon, ang mga kasulatang ito ay pinagsama-sama (nakasulat at pasalita), at naging isang banal na kasulatan.  Ang pasalita at nakasulat na anyo ay walang pinagkaiba at binasa at isinaulo ng milyun-milyong mga Muslim sa loob ng maraming siglo, kaya napapanatili ang pasalitang tradisyong mula noong panahon ni Propeta Muhammad (SAWS).

Ang Qur'an ay hindi isang libro ng kwento, isang talambuhay, isang libro ng kasaysayan o isang nobela. Ito ay walang katulad. Naglalaman ito mga kwento, ng mga detalyadong talambuhay ng ilan sa mga Sugo ng Allah, at mga aspeto ng kasaysayan. Saklaw din nito ang teolohiya, mga argumentasyon, pinansyal, pamilya, kriminal at mga batas na sibil,  pagpapaunlad ng pag-uugali, at kabanalan. Ito ay isang aklat ng patnubay na puno ng mga prinsipyo at mga aral, kung saan ang isang Muslim ay maaaring pangasiwaan ang buhay sa paraang pinaka makalulugod sa Allah.

Ang Qur'an ay ipinahayag sa mga bahagi sa kabuuan ng misyon ni Propeta Muhammad (SAWS), kung saan tumagal ng 23 taon. Ang Qur'an ay tumutukoy sa totoong mga kaganapan na nangyari sa panahon ng buhay ni Propeta Muhammad (SAWS), at direktang tumutukoy sa mga Muslim, mga Hudyo at mga Kristiyano, mga taong naniniwala o sumasamba sa maraming Diyos (polytheist) at sa mga tao sa pangkalatan.

# Paano nabuo ang Qur'an?

Ang Qur'an ay naglalaman ng 114 na mga kabanata (sa wikang Arabe: Surah). Ang 114 na mga kabanatang ito ay nakakalat sa 30 bahagi (Juz) at iba't-iba ang haba. Ang ilan ay may ilang linya lamang ang haba, samantalang ang iba ay maraming pahina ang haba.  Ang bawat talata ay naglalaman ng mga talata (Ayah). Ang pinamaikling mga kabanata ay naglalaman ng ng tatlong mga talata, at may tatlong mga kabanata, tulad ng #103, 108 at 110. Ang pinakamahabang kabanata sa Qur'an ay may 286 na mga talata. Bawat bahagi ng Qur'an  (Juz) ay may bilang at nahahati sa sangkapat at walo. Bawat kabanata ng Qur'an ay may pangalan. Ang lahat ng mga kabanata  maliban sa isa ay nagsisimula sa mga Panimulang Panalangin, "Sa ngalan ng Allah, ang Pinaka Mapagbigay, ang Pinaka Mahabagin." Ang paggamit ng mga talata, mga kabanata at bilang ng mga bahagi ay mas madaling basahin at kabisaduhin, dahil pinahihintulutan nito ang mga Muslim na putul-putulin ang kanilang pagbabasa, pagmemorya o pag-aaral ng Qur'an.



# Istilo ng Qur’an

Ang Qur’an ang pinaka malinaw na uri ng wikang Arabe. Ang mga paksa nito ay tinalakay sa iba’t-ibang mga paraan, at ang istilo ay nagbabago ng naaayon. Ang Qur’an ay nauugnay sa mga kasaysayan, nakatuon lamang sa pinakamahalagang mga aral at moralidad. Ang Qur’an ay gumagamit ng mga matalinghaga at nagtatanong ng may pagmumuni-muni, nag-uudyok sa masigasig na tagapakinig na mag-isip at magmuni-muni. Itinuturo ng Quran ang paglikha at mga palatandaan ng Allah.

Madalas sa pamamagitan ng paggamit ng mga panunumpa upang ipakita ang kagandahan at kahalagahan ng iba’t-ibang mga nilikha. Sinasaway ng Quran ang mga taong gumagawa ng mali at kasamaan, madalas ay pinabubulaanan ang kanilang mga katwiran at pagdadahilan. Ito ay tumutukoy sa mga nakalipas na nasawing mga nasyon at ang kasamaang kanilang ginawa at ang kinahinatnan ng parusa na kanilang natanggap. Ito ay nagbibigay ng mga kautusan at mga pagbabawal upang ituro ang landas ng tamang pagsamba sa Allah at mamuhay ng may kababaang-loob, marangal at may kabutihan para sa sarili at sa iba.



# Mga Pagsasalin ng Qur'an

Mayroon lamang iisang Qur'an, at ito ang original na nasa anyo ng wikang Arabe. Ang mga pagsasalin ay hindi ang Qur'an o ang mga bersyon nito. Sa halip ito ay ang mga pagtatangka ng tao upang ihatid ang mga kahulugan ng Arabikong Qur'an sa ibang mga wika. Ang pinakamahusay na mga pagsasalin ay ang ginawa ng mga kwalipikadong mga iskolar ng Islam na may kaalaman sa tradisyon at mga nakatuon dito. Gayunpaman, walang sinumang tagasalin ang maaaring gayahin ang Qur'an sa wikang Arabe sa kapangyarihan nito, kagandahan, at kahusayan sa pananalita. Therefore Samakatuwid, ang ilan sa mga pagsasalin ay mas tumpak kaysa sa iba sa pagtatangka na ito, at ang iba ay mas mababa.

Ang magandang pag-aralan na pagsasalin para sa isang bagong Muslim ay ang isa na may pamagat na, "Tungo sa Pag-unawa sa Qur'an ", Ito ay pagpapaikli ng isang komentaryo at samakatuwid ay mas detalyado kaysa sa karamihan ng mga pagsasalin, nagbibigay ng mahalagang nilalaman at mas malalim na pag-unawa para sa isang tao na hindi pamilyar sa Qur'an. Ang mas malawak na konteksto ay pinahihintulutan para sa mambabasa na mas higit na maunawaan ang pangkalahatang konsepto at mga alituntunin na tinatalakay. Para sa isang mas pangunahing pagsasalin, ang Saheeh International at ang The Clear Qur'an ay angkop na mga basahin.

# Ang Komentaryo at Pag-intindi sa Teksto ng Qur'an

Ang mga iskolar mula pa noong unang mga henerasyon ng Muslim ay nagkomento at ipinaliwanag ang mga salita at mga talata ng Quran. Ang mga komentaryo at pag-unawa sa mga teksto ay nagpapahintulot sa isang tao na magkaroon ng higit na pag-unawa sa Qur'an, dahil nagbibigay sila ng mga aral, benepisyong pangwika, mga patakaran, mga saligan, at higit pa. Karamihan sa ganitong mga komentaryo at pag-unawa sa mga teksto ay nasa wikang Arabe, nguni't ang ilan ay naisulat na o naisalin sa wikang Ingles. Ang isang magandang komentaryo ay ang isa na may pamagat na "Under the Shade of the Qur'an (Sa Ilalim ng Lilim ng Qur'an)."

Para sa isang bagong Muslim, ang mga audio at bidyo ng mga lektura sa Ingles ng mga kwalipikadong guro na sumasaklaw sa pag-aaral ng mga talata o maikling mga kabanata ng Quran ay mas angkop. Kalimitan, ang tagapagsalita ay ipahahayag sa maikling pangungusap ang nilalaman sa isang madaling maunawaang paraan, nakadisenyong mga aralin, at ipinapakita kung paano nila ipatutupad sa pang-araw-araw na buhay at mga sitwasyon. Para pag-aralan ang Quran ang isang tao ay dapat tumuon sa mga kabanata 50 hanggang 114, dahil ito ang paraan na pinag-aralan at pag-aaral ng Qur'an ng mga naunang Muslim. Ang mga kabanatang ito ay unang ipinahayag at itinatag ang pundasyon ng paniniwala sa Islam.



SCAN ME